



Valley Transportation Authority

# TALAAN NG IMPORMASYON: Real State

## Milpitas Transit Center

### Pangkalahatang Ideya

Matatagpuan ang Transit-Oriented Development ng Milpitas Transit Center sa kanto ng Montague Expressway at ng E. Capitol Avenue. Ang 1.7 ektaryang site ay may potensyal para sa Transit-Oriented Development (TOD), na maaaring mayroong mataas at may iba't ibang gamit na gusali na dinisenyo na may residensyal, komersyal, at mga lugar para sa amenity sa loob ng distansyang nalalakad mula sa pampublikong transit. Sa kasalukuyan, hindi ito nagagamit at bakante ang lupa. Katabing-katabi ng site na ito ang Milpitas Transit Center na nagbibigay ng mga koneksyon sa mga sumusunod na serbisyo: VTA Light Rail at madalas/lokal na mga bus, BART, AC Transit, at Milpitas SMART.




### Transit-Oriented Development

Ang Transit-Oriented Development Program ng VTA kasosyo ng munisipyo, organisasyon na non-profit, at pribadong mga partner para magpasigla ng pag-develop ng pabahay, pangkomersyo, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong sa pagdami ng mga sumasakay sa transit at mag-aambag sa isang masiglang komunidad. Sa mga hinihiling ng Transit-Oriented Development ng VTA, kasama rito ang 25% pabahay sa isang partikular na lugar na dapat ay abot-kaya ang halaga.

Ang development na ito ay kaayon ng Policy ng Transit Oriented Development ng VTA na nagtatampok sa mga pamantayan at pamamaraan ng Programa.

### Mga Layunin

- Ihanda ang lugar para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, pasimula sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.
- Magpasigla ng pag-develop, kabilang na ang abot-kayang pabahay na mga oportunidad na malapit sa transportasyon
- Magsulong ng disenyo ng urban na magpapaganda ang paligid ng mga naglalakad, magamit para sa bisikleta, at pagkonekta sa transit
- Pataasin ang pangmatagalang kita para sa mga operasyon ng transit

### Mga Resulta

- Pabahay na malapit sa mga istasyon ng transit na magseserbisyo sa mga sambahayan na mayroong iba't ibang antas ng kinikita, na makakatulong sa pagtugon sa panrehiyong krisis sa pabahay
- Mga benepisyong pangkapaligiran at kalusugan ng publiko, kabilang na ang mas malinis na hangin at mas mababang mga pagbuga ng greenhouse gas
- Palakihin ang mga sumasakay sa transit at bawasan ang umaasa sa kotse, para lumuwag ang trapiko
- Pahusayin ang pagiging nakikipagsabayan pagdating sa ekonomiya - kaakit-akit sa mga employer ang mga lugar ng TOD
- Mga pakinabang sa pamayanan at sa piskalya - maaaring lumikha ang mga TOD ng malaking katipiran para sa mga sambahayan (mas kakaunti ang gagastusin sa transportasyon ng mga taong nakatira malapit sa transit)

### Mga benepisyo ng Transit Oriented Development

- Matutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay -Nakakatulong na matugunan ang krisis sa panrehiyong pabahay
- Mga Benepisyong Pangkapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Nakakabawas sa Pagiging Umaasa sa Kotse - nababawasan ng mga TOD ang umaasa sa kotse at napapababa ang mga pangangailangan sa paradahan
- Pagiging Nakikipagsabayan sa Ekonomiya - kaakit-akit sa mga employer ang mga lugar ng TOD
- Mga Benepisyo para sa Pamayanan at Piskalya - nakakalikha ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (mas kakaunti ang ginagastos sa transportasyon ng mga taong nakatira malapit sa transit)

### Iskedyul ng Proyekto/Development

Nagde-develop ang VTA ng pananaw upang makipagtulungan sa komunidad. Walang espesipikong proyekto na kasalukuyang iminumungkahi para sa lugar na ito.

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**Community Outreach ng VTA**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
***https://www.vta.org/projects/milpitas-transit-center-transit-oriented-development***
***community.outreach@vta.org***